THE ESOL EDGE FOR PARENTS

May, 2009 English for Speakers of Other Languages, Duval County Public Schools

Mga Gawain sa Bakasyon Para sa Inyo at sa Inyong anak!

Ang huling araw ng pasukan ay Biyernes, ika-5 ng Hunyo. Ang unang araw ng pasukan ay Lunes, Ika-24 ng Agosto. Ano ang inyong gagawin sa loob ng **2 ½** buwan nitong bakasyon? Ito ang ilan na mga mungkahing gawain para maging abala at habang natututo ang inyong mga anak kung bakasyon .

ESOL Summer Maintenance Program

Ang programa ng ESOL Summer Maintenance ay nagbibigay ng tulong sa mga mag-aaral para maalaala at magamit ang Ingles na kanilang natutuhan sa buong taon. Lahat ng mga mag-aaral na kasalukuyang nasa klase ng ESOL ay maaaring pumasok sa ESOL Summer Maintenance Program. Ang Liham para sa Pagpapalista ay ipinadala sa mga magulang noong Abril at kailangang ibalik ito sa kanilang guro. Ang mga mag-aaral ay may pagkakataong pagpalista sa mga paaralan na mayroon summer maintenance hanggang ika-25 ng Hunyo. Ang ESOL Summer Maintenance Program ay tatagal ng 29 na araw, mula ika-22 ng Hunyo hanggang ika-31 ng Hulyo, limang araw sa isang lingo, maliban sa Biyernes, ika-3 ng Hulyo.

Ang mga mag-aaral ng ESOL ay papasok sa Summer Maintenance sa pinakamalapit na paaralan sa kanilang tahanan. Nakasulat sa Liham para sa Pagpapalista ang paaralan na kanilang papasukan. Para sa impormasyon tungkol sa sasakyan, tumawag sa paaralang kanilang papasukan sa summer.

Ang Sentro ng Wika at Kultura ay Magiging Abala Nitong Summer

Ipagpapatuloy ng Sentro ng Wika at Kultura ang mga pang-araw at pang-gabing mga klase at gawain nitong summer.

1.Ang taga-suri ng ESOL ay magbibigay ng mga pag-susulit sa mga bagong mag-aaral (K-12) mula ika-8:00 ng umaga hanggang ika-3:30 ng hapon, Lunes hanggang Biyernes. Tumawag sa (904) 739-4891 para sa maitakda ang oras ng pagpunta.

2. Ang mga klase ng ESOL, Rosetta Stone, at matematika ay nakalaan para sa 8-18 taong gulang at para sa matatanda.

3. Ang mga panggabing klase sa Inglis at Keyboarding ay para sa matatanda. Mayroon ding nakalaan na mga gawain para sa kanilang mga anak kung sila ay kasama.

4. Ang CLC ay kalahok sa LSS summer program para sa mga batang refugee. Ito ay idadaos sa Paaralang San Jose.

Ang Sentro ng Wika at Kultura ay matatagpuan sa looban ng Kings Trail Elementary School sa 7401 Old Kings Road South. Tumawag kay Helena Gandell, Director sa (904)739-4891.

Aklatang Pambayan ng Jacksonville: Libangan Para sa Lahat

Summer Reading programs! Puppet shows! Jugglers! Music! Baseball players! Portuguese Book Club and Story Hour! Ronald McDonald's Reading Rangers! Didgeridoo (about Australia)! Mga aklat sa iba't-ibang wika para sa mga bata at matanda!

Mula sa unang araw ng Hunyo hanggang sa unang araw ng Agosto ang lahat na mga gawaing ito at iba pa ay libre para sa buong pamilya sa Punong Aklatan (303 North Laura) at sa lahat ng 21 sangay ng aklatan.

Mayroon mga aklatang pambayan na malapit sa inyong tahanan. Kung kailangan ninyo ang tulong tumawag sa 630-2665 o pumunta sa http//jpl.coj.net. Para sa Portuguese Book Club at Storyhour, tumawag sa (904) 504-3630.

jax4kids.com ay magaling na website para malaman ang mga gawaing pambata dito sa Jacksonville.

Programa ng Dalawahang Wika

Ang mga mag-aaral na ESOL na papasok sa Kindergarten sa Agosto ay may pagkakataon na magpalista para sa programa ng Dual Language na nagsimula ngayong taon. Ang mga mag-aaral na nagsasalita ng Espanol ay matututong magsalita ng Ingles habang pinanatili at pinatatatag ang kanilang pagsasalita ng Espanol. Gayon pa man, hindi kailangan na marunong magsalita ng Espanol ang mga sumali sa programa. Ngayon taon maraming mga bata na kasali sa programa na nagsasalita ng Arabic, Albanian at Portuguese.

Ang paaralan ng San Jose at Beauclerc ay may programa ng Dual Language. Ang mga klase ay limitado para sa 36 na mag-aaral. Nagsimula na ang pagpapalista sa Kindergarten. Para sa iba pang impormasyon tumawag sa tanggapan ng ESOL sa 390-2202, sa Beauclerc 739-5226 at sa 739-5260 para sa San Jose.

Mga Mag-aaral ng ESOL na Tumutulong sa Komunidad

Ang Coordinator ng ELL ng Englewood High School at Tagapagtaguyod ng Latino Rams para sa Kolehiyo na si Ginang Marisa Gonzalez ay dinala ang mga mag-aaral sa ika-12 grado na nagboluntaryo sa St. Francis Soup Kitchen noong Ika-14 ng Marso. Sina Idalmis Morales, Maile Maturell at Dalia Garcia ay nagkasundo na ito ay mabuting pagkakataon at kagandang karanasan. Naalaala ni Dalia Garcia ang isang sipi na"Kailangang gumawa ng maliit na bagay sa bawat araw para mapabuti ang mundo at ang ating buhay."